

## Efeso 2:8-10

*Dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Cristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo.<sup>9</sup>Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.<sup>10</sup>Tayo'y kanyang nilalang, nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti, na itinalaga na ng Diyos para sa atin noon pa mang una.*

**Panimula**

1. Ibahagi ang isang karanasan kung saan ay may isang taong nagpakita sa iyo ng kagandahang-loob. Inaasahan mo ba ito? Sa tingin mo ba ay karapat-dapat kang tumanggap ng ganitong klaseng kabutihan? Bakit?

Kung nagagawa ito sa atin ng ibang tao, lalo pang higit ang kabutihan ng Diyos sa atin dahil ibinigay niya ito sa ating mga hindi karapat-dapat tumanggap nito mula sa kanya. Ang *grace* (biyaya o kagandahang-loob) ng Diyos ay ang kanyang kabutihan sa mga hindi karapat-dapat dumanas nito, at sa halip ay karapat-dapat tumanggap ng kanyang parusa at galit. Kung lubos na mauunawaan natin ito, tunay na pagkamangha ang mararanasan natin.

**Pagsasaliksik**

2. Anu-ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit nawawala sa mga Kristiyanong pagkamangha sa biyaya ng Diyos? Kailangan nga ba nating gawin ang sinasabi sa pamagat ng aklat ni Michael Horton na *Putting the Amazing Back into Grace*?

3. Isang dahilan kung bakit di tayo namamangha sa biyaya ng Diyos ay dahil hindi natin lubos na nauunawaan ang lalim ng ating pagkakasala sa Diyos. Basahin ang Efeso 2:1-3. Paano nito isinasalarawan ang ating kalagayan noong hindi pa tayo nakakakilala kay Cristo?<sup>1</sup>

4. Paano mo ito maiihalintulad sa iyong karanasan bilang mananampalataya?

<sup>1</sup> mga patay – ang ibig sabih’y wala tayong magagawa sa sarili natin upang tumugon nang tama sa kapahayagan ng Diyos (Roma 8:7-8); takbo ng sanlibutan – tumutukoy sa sistema ng mundo natin na salungat sa paghahari ng Diyos; prinsipeng kasamaan – tumutukoy sa diyablo na siyang naghahari sa makasalanang sanlibutan; kinapopootan – likas na kalagayan ng taong di pa nakakaranas ng bagong buhay kay Cristo (Juan 3:36).

5. Ang isa pang dahilan ng kawalan ng ating pagkamangha sa biyaya ng Diyos ay dahil hindi natin lubos na nauunawaan ang laki ng ginawa ng Diyos para sa atin. Basahin ang Efeso 2:4-7. Isa-isahin ang mga bagay na ginawa ng Diyos sa atin dahil kay Cristo.<sup>2</sup>

6. Kung mauunawaan mo ang laki ng kaibahan ng iyong kalagayan dati at ngayon, ano ang dapat maging tugon mo dito? Tingnan din ang halimbawa ni Pablo sa 1 Timoteo 1:12-14.

7. Pangatlong dahilan ng pagkawala ng ating pagkamangha sa biyaya ng Diyos ay ang pag-aakala na may naiambag tayo sa ating kaligtasan. Basahin ang Efeso 2:8-10. Ano ang ginawa natin upang makarating tayo sa ganitong kalagayan? Ang pananampalataya natin ay maituturing ba na kontribusyon sa kaligtasan? Patunayan.<sup>3</sup>

**Pagsasabuhay**

8. Anong bagay o kalagayan sa buhay ang mayroon ka ngayon na maaaring naging o maaaring maging dahilan upang ikaw ay magmalaki? Ano dapat ang iyong maging saloobin ayon sa pagkakaunawa mo sa biyaya ng Diyos?

9. Magbigay ng ilang mga bagay na gagawin mo upang laging ipaalala sa sarili ang kamangha-manghang biyaya ng Diyos.

10. Sama-samang isaulo ang Efeso 2:8-9. Ipanalangin ang bawat isa na mas maunawaan pa ang lalim ng biyaya ng Diyos.

<sup>2</sup> napakasagana...napakadakila (v. 4)...di masukat na kasaganaan (v. 7) – katangian ng kabutihan ng Diyos sa atin na ipinakita niya sa mga bagay na ginawa niya sa pamamagitan ng pakikipag-isa natin kay Cristo; binuhay...muling binuhay – tumutukoy sa kapanganakang muli natin (*regeneration* o *new birth*) at maaari ring sa gawa ng Diyos na pagpapanatili sa ating bagong buhay; pinaupo sa kalangitan – ipinapakita ang bagong kalagayan natin na salungat na salungat sa ating dating pagiging patay, naghahari na tayong kasama ng Diyos, at pinaghaharian ng Diyos hindi ng diyablo.

<sup>3</sup> kagandahang-loob – ito ang pangunahing dahilan kung bakit tayo naligtas, hindi ito dahil sa anumang ginawa natin; pananalig kay Cristo – ito ang instrumento kung paano napasaatin ang kaligtasang kaloob ng Diyos; kaloob – hindi natin maaaring maipagmalaki ang ating kaligtasan dahil ito ay hindi natin pinagsikapan. Maging ang pananampalataya natin ay kaloob ng Diyos (Filipos 1:29); nilalang – may pahiwatig sa disenyo ng Diyos sa atin, ang paggawa ng mabuti. Ito ay bunga ng paghilig sa atin, hindi ito ang dahilan o paraan.